Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-18 NG AGOSTO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... | Tagapangulo<br>Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar ........ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison ............ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ............ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca ............ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ariel T. Magcalas ........... | Kagawad<br>(nasa opisyal na pakikipag-ugnayan) |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 190-T'99

## KAPASIYAHANG PANSAMANTALANG ISINASARA ANG TULAY NA NAG-UUGNAY SA BARANGAY SANTO ANGEL CENTRAL AT BARANGAY V, SA BAYANG ITO.

**SAPAGKA'T,** pinahalagahan at binigyang-pansin ang kahilingan ng Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central na maipagawa ang tulay na nag-uugnay sa naturang barangay at Brgy. V dahilan sa kanilang pangamba na makapinsala ito at magdulot ng malaking panganib sa mga mamamayan sanhi ng pagkasira ng malaking bahagi ng naturang tulay;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagtalakay sa naturang kahilingan ay nagkaroon ng pagpapasiya ang sangguniang ito na hilingin sa Kagawaran ng Pagawaing Bayan at Lansangan (DPWH) na makapagsagawa ng inspeksyon sa naturang tulay, base sa nilalaman ng kahilingan na nakasaad sa Kap. Blg. 85-T'99 ng Sang. Brgy. ng Santo Angel Central;

**SAPAGKA'T,** nagkaroon ng kasagutan ang DPWH na inire-rekomenda ang pansamantalang pagpapasara ng nasabing tulay dahilan sa pagkasira ng malaking bahagi nito na lubhang mapanganib sa mga motorista at mga mamamayan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat, ay

**PINAGPASIYAHAN** : Na pansamantalang isara ang tulay na nag-uugnay sa Barangay Santo Angel Central at Barangay V, sa bayang ito at muling buksan sa sandaling maisagawa ang anumang hakbang-pangkalutasan na siyang tutugon sa kaligtasan ng pagdaan ng mga motorista at mga mamamayan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero at Sang. Brgy. ng Santo Angel Central, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan